

Binago Tayo ng 2020

April Perez

Agosto 2021

Wináarak, mula sa salitang-ugat na wáarak. Sa pag-scroll ko ng newsfeed sa Facebook, paulit-ulit ang paglitaw ng salitang ito, sa mga meme, sa mismong balita, kahit sa post ng mga kaibigan. Palibhasa, mainit ngayon ang tungkol sa inilabas na ulat ng Commission on Audit sa mga diumano’y spending “deficiencies” ng Department of Health. Kaya naman ang buwelta ng Kalihim na si Duque, winarak daw siya at ang mga kasamahan niya ng COA. Naisipan ko tuloy tingnan sa diksyonaryo ang kahulugan ng warak. Ginagamit at naririnig ko naman din ‘yon pero para makasiguro lang, ang kaso, wala sa diksyonaryo.ph. Wásak lang ang nakalista roon, isang pangngalan, paraan upang ganap na sirain ang isang bagay, at wasák, isang pang-uri na nangangahulugang ganap na nasira. Ipinapalagay kong varyant ng wasák ang warák. Sabi nga sa linya ng kantang Stupid Love ng Salbakuta noong 2002, “wasak na wasak ang puso ni Nasty Mack,” iyon talaga ang mas tumatak sa akin kaysa sa maluha-luhang mata ni Duque habang nagsasalita.

Ika nga sa mga meme, ilang linggo pa at lalabas na ulit si Jose Mari Chan para umawit ng pamasko. Ang tanong lang ay kung makalabas nga kaya o baka hindi pala dahil senior citizen na siya at bawal lumabas dahil sa Enhanced Community Quarantine a.k.a. ECQ na ito. Nasa lampas kalahati na tayo ng 2021 pero tila 2020 version 2.0 lang din. Hanggang ngayon, malinaw pa rin sa akin ang mahahalagang tagpo ng aking 2020. Hindi ganoon ang inasahan kong mangyari pero biglang umeksena ang coronavirus at

binago ang takbo ng taon, binago ako, binago tayo. Sa puntong ito, nais kong magbalik-tanaw sa mga iyon, sa mga tagpong sa isang banda ay nagpatingkad sa nakaraang taon, sa kabila ng pandemya. Katulad ng bawat isa sa atin na may kani-kaniyang kalendaryo, may mga petsa ritong habang panahon nang magmamarka sa kasaysayan at sa buhay natin. Paulit-ulit nating aalalahanin ang mga ito. Handa ka rin bang balikan kung paano ka binago, binuo, o winasak ng 2020?

Marso 14, 2020

Sinorpresa namin si Tita Lyn, ang pansiyam sa sampung magkakapatid sa side ng aking nanay para sa kaniyang ika-60 kaarawan. Payak na hapunan sa isang kainan sa Bulacan, nakarating naman ang lahat ng imbitado, halos pamilya lang din at ilang matatalik na kaibigan ng may kaarawan kung kaya't bakas ang kasiyahan sa bagong senior citizen ng Juan Clan. Iyon nga lang, hindi tulad ng mga dating okasyon na pagbalik sa bahay ay halos aabutin pa ng hatinggabi ang pagkukuwentuhan sa garahe kasama ang aming ibang mga tiyahin at pinsan. Sa pagkakataong ito, nagmamadali ring nagsiuwian ang mga pinsan namin pabalik sa Batangas at Caloocan dahil ibinalitang magkakaroon ng lockdown dahil sa COVID-19. Paano ang gagawin ng mga tao kapag natuloy ang lockdown? Ano ang mangyayari kapag ini-lockdown?

Kami naman, kinabukasan pa lumuwas pabalik sa Quezon City pero kakaiba na rin ang biyahe. Kinailangang magpakita ng valid ID bago sumakay ng bus. Bawal na rin ang magkakatabi sa upuan. Kung dati-rati'y punuan at hindi magkamayaw ang mga pasahero ng bus, ngayon ay parang may exam, one seat apart ang mga pasahero kahit pa magkakakilala kayo. May mga checkpoint din daw ang kapulisan sa iba't ibang lugar pero sa dinaanan naming mga kalsada sa Bulacan ay wala naman. Banayad ang naging biyahe mula terminal ng bus hanggang NLEX hanggang sa Grab pauwi ng boarding house. Nakakapanibago ang ganito.

Marso 16-19, 2020

Totoo nga ang lockdown. Bawal lumabas kung hindi kailangan. Maraming guidelines, kabi-kabila ang balita, nakakakaba, nakakapanibago, nakakalungkot. Ganito pala ang pakiramdam, tila nakabilanggo sa sariling mga tahanan. Mahirap lalo pa't kung nasanay ka nang lumalabas, napapatanong na lang ako sa sarili kung hanggang kailan ganito? O kaya nama'y iniisip na lilipas din ito. Mabuti na lamang din at may mga naipon kaming pagkain para hindi na muna kailanganing bumili sa labas, gayong bawal din nga ang lumabas. Nakakapangamba rin talaga ang banta ng virus na ito. Unti-unti ko na ring sinasanay ang sarili na magsuot ng face mask at mas madalas na rin ang paglalagay ng alkohol sa kamay, sa cellphone, sa bag, sa katawan.

Ngayong a disinuwebe ng Marso, unang beses kong magdiwang ng kaarawan nang malayo sa pamilya. Binalak ko sanang magbiyahe ngayong taon kasama sila ngunit dahil nga sa pandemya, kanselado ang flight namin papuntang sa Guangzhou, China. Ayon sa mga balita, sa bayan ng Wuhan, sampung oras mula Guangzhou, unang nagkaroon ng kaso ng coronavirus disease. Nakakadismaya, 'yung tipong nagpaplano ka na kung saan-saan pupunta kung sakaling natuloy ang biyahe. Sabik na sabik pa naman ako, mapupurnada lang pala. Buti na lang, hindi naman tuwirang masasayang ang pamasaha kundi maiipon sa travel fund para sa susunod na pag-book ng flight pero ang malaking tanong, kailan naman kaya? Mahirap munang umasa. Sa ngayon, video call muna sa pamilya ang naging tulay upang magkausap kami sa aking ika-33 kaarawan. Hindi naman nakalimot ang mga kaibigan sa pagbati at may sorpresang cake at video greetings din mula sa mga katrabaho. Nakakataba pa rin ng puso sa kabila ng distansiya at pangamba. Lilipas din ito, sana.

Abril 2020

Sa buwang ito, pitong araw pa rin ang duty ng mga staff namin sa University Food Service (UFS). Bilang isang esensiyal na yunit ng Unibersidad, kinakailangang maipaghanda ng pagkain ang mga estudyanteng nasa kani-kanilang dormitoryo o boarding house, gayundin

ang mga empleyadong pumapasok sa ilang bukas na opisina sa campus. Nagsarado ang maraming kainan, limitado rin ang operasyon ng iba't ibang delivery services dahil sa lockdown.

Sa panahong ito, lalo ko pang nakita ang dedikasyon sa trabaho ng mga kasamahan sa opisina. Pumapasok man ako dalawang beses sa isang linggo bilang Tagapamahalang Opisyal para sa pisikal na korespondensiya at ilang gawaing hindi maaaring birtuwal gaya ng pagpirma sa mga voucher ng mga kawaning kontraktual kung saan wet signature ang kailangan, hindi nito mapapantayan ang buong linggong duty ng aming staff. Si Aileen, ang Food Service Supervisor na nag-duty sa panahong ito. Nangungupahan siya sa may Area 2 sa UP at inabutan na rin ng lockdown kung kaya't hindi na nakauwi sa Bulacan. Habang si Jonalyn naman, ang bisor na nakatalaga sa Purchasing ang nakipag-ugnayan sa mga donation drive na isinagawa ng UP na naging daan upang mabigyan ng subsidized meals ang mga estudyanteng naistranded sa mga dormitoryo at boarding house sa campus, sa Krus na Ligas, at sa Katipunan sa loob ng isang buwan. Bumuhos ang mga donasyon, karamihan ay mula sa mga alumni, guro, negosyante, mag-aaral, at maging mga anonymous na donor. Ramdam na ramdam ang bayanihan para sa mga Isko at Iska, walang magugutom na estudyante. Araw-araw inihatid ng delivery team ng UFS ang packed meals para sa mga estudyante sa bawat dormitoryo at sa mga pick-up point na itinalaga ng Office of the Vice Chancellor for Student Affairs. Sa kabila ng skeleton workforce, buong-pusong nagpatuloy sa paglilingkod ang mga kawani, hindi alintana ang pagod sa buong linggo, maging ang panganib na banta ng virus. Araw-araw silang nagluluto, nagpa-pack, at naghahatid ng pagkain sa daan-daang estudyante sa campus na lubusan namang ipinagpasalamat ng dormers, ayon sa mga dorm manager. Ito rin ang nagpapalakas sa amin upang magpatuloy lang sa paglilingkod sa kasagsagan ng pandemya. Lagi't lagi kong ipinagpasalamat ang pagkakaroon ng masisipag at maaasahang mga kasama sa trabaho. Mabuti na lamang at nakatira sa malapit ang karamihan habang ang iba naman ay nabigyan ng pansamantalang matutuluyan sa campus nang sa gayon ay hindi na mag-uwian. Wala ring biyahe ang mga pampublikong sasakyan at mga frontliner at essential worker lang ang pinapayagang lumabas at pumasok sa opisina.

Mayo 28, 2020

Mahigit apatnapung araw na ngang nasa kuwarentena ang malaking bahagi ng Luzon. Patuloy pa rin sa pagtaas ang mga kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa bansa. Mula sa sampung kaso noong Marso 9, lumobo na sa 15,588 ang bilang ng mga nagpositibo, ayon sa datos ng DOH. Marami na ang nasawi, nasa ospital, nangangamba, at nagngingitngit sa kawalan ng plano ng pamahalaan. Habang may iba namang tila kampante lang sa nangyayari sa paligid nila. Halo-halong emosyon, kani-kaniyang pagtanggap at pagharap sa kasalukuyang sitwasyon.

Ipinagdiriwang din ng aking kasama, si Marie ang kaniyang kaarawan ngayon at 40 taon na rin siya. Sa kasamaang palad, isa na namang nakaiskedyul na biyahe ang nakansela. Bibisitahin sana namin ang kaibigang si Gerard na nagtuturo sa Busan ngunit hindi rin ito natuloy dahil sa travel ban at mataas din ang mga kaso roon. Walang nangyaring pagsakay sa “train to Busan,” walang pagkain ng samgyeopsal at kimchi sa Korea, walang pamimili ng BB Cream at mga pasalubong, wala. COVID-19 ang mayroon. Pinlano rin namin noon ni Marie na magkaroon ng isang outreach activity para sa kaarawan niya ngayong taon o kaya’y children’s party pero walang natuloy ni isa sa mga ito sa ngayon. Ang nangyari na lang, naghanda ang mga kapamilya niya sa Bulacan habang kami ay bumili lang din ng meryenda para pagsaluhan sa araw na ito. Idinaan muli sa videocall ang lahat. Mapalad at maligaya pa rin ang may kaarawang mabiyayaan ng panibagong taon para mabuhay.

Hunyo 22, 2020

Ibinaba na mula ECQ patungong General Community Quarantine o GCQ ang NCR simula Hunyo 2020. Mas nagluwag nang kaunti subalit limitado pa rin ang paggalaw ng mga tao patungo sa ibang lugar. Pinaaalalahanan pa rin ang lahat na sumunod sa mga health protocol. Patuloy pa rin kasing nadadagdagan ang mga kaso ng nagpopositibo sa COVID-19. Sa wakas, nasilayan at nakadaan muli ako sa kahabaan ng EDSA. Sa katulad kong nasanay na linggo-linggong umuuwi sa Bulacan, ito na ang

pinakamatagal kong hindi pag-uwi sa tanang buhay ko, diretsong tatlong buwan ba naman mamalagi sa QC! Sabi nga ng pinsan ko, para daw akong nangibang-bansa sa tagal. Salamat na lang sa teknolohiya, kahit hindi ganoong kabilis ang internet connection ay hindi naman nawawalan ng komunikasyon sa pamilya. Bumili na rin kami ng prepaid Wi-Fi dahil mahina ang signal ng data sa boarding house, hindi kakayanin ang mga online class at mga meeting. Malaking bagay rin ang Php1,500 internet subsidy na bigay ng UP kada buwan. Minabuti rin naming magpa-rapid test bago umuwi nang kahit papaano'y mabawasan ang pangambang may virus na dala sa mga pamilyang uuwian sa Bulacan. Negative naman ang resulta pero siyempre, hindi naman ito kasintiyak sa RT-PCR test na ginagawa para malaman kung may COVID ka. Naranasan ko muling mamasaha pauwi sakay ng point to point bus o P2P. Limampung porsiyento lang ang dami ng pasahero pero hindi pa rin mawawala ang pangambang baka isa sa mga pasahero ay may dalang virus. Sakto rin at bago mag-Father's Day ay nakauwi ulit. Kahit paano ay makakasama ang pamilya sa okasyong ito, makakabawi man lang sa mga na-miss na kaarawan nina Mommy at Daddy noong Abril. Pagdating sa bahay, hindi pa rin ako basta-basta nagtanggap ng face mask, limitado rin muna ang direktang pakikihalubilo. Mahirap na.

Akalain mo nga naman, sa ilang araw na pamamalagi sa bahay, nasabay pa ang biglang pagsakit ng tiyan ni Daddy. Namimilipit siya sa sakit. Akala namin ay baka nabalis lang ng kausap niya pero matagal bago humupa ang sakit. May pangangatog sa katawan niya, at nagkasinat din. Ayaw namang magpadala sa ospital. Kaya raw niya. Uminom lang din siya ng paracetamol para mawala ang sinat. Payo rin ito ng aking kaklaseng si Doktora Camille na kaagad namang sumagot nang i-chat ko sa Messenger. Nagbigay rin siya ng request para sa ilang laboratory test ni Daddy. Nakakanerbiyos. Halos hindi ako nakatulog noong gabing iyon dahil pinakikiramdaman ko sila sa kabilang kuwarto. Paano kung natamaan na pala siya ng COVID? Saan kaya nahawa? Paano ang gagawin namin? Kung ano-ano ang pumapasok sa isip ko nang mga panahong iyon. Ibang klase ang ganitong stress. Nang sumunod na araw ay mas bumuti na ang pakiramdam ni Daddy, nakaya naman niyang mag-drive papunta sa laboratory. Sinamahan ko siyang magpa-CBC, FBS, at Urinalysis. Hinintay na rin namin ang resulta kahit matagal-tagal din. Mataas ang WBC sa ihi niya kaya sabi ni Doktora ay may impeksiyon. Niresetahan na rin siya ng

antibiotic para mabili at mainom na kagaad. Teleconsult na lang muna sa ngayon, delikado rin ang lagay kung pupunta mismo sa mga ospital. Pati ang reseta ay litrato na lang din at hindi na aktuwal na mahahawakan. Mabilisan ang lahat kung may akses sa internet, pero paano kung wala?

Hulyo 17, 2020

Kapag nagbukas ka ng social media, kabi-kabila ang mga post tungkol sa ayuda. Naroon ang iskedyul at lugar kung saan ipapamigay, at siyempre, ang hindi puwedeng mawala, ang nagpopogian at naggagandahan dahil filtered na mukha ng mga politikong magbibigay. Kani-kaniyang paayuda ang mga LGU at iba't ibang sektor para sa kanilang nasasakupan, pinakamatunog na marahil ang Social Amelioration Program o SAP mula sa DSWD. May madalas maambunan, mayroon din namang hindi raw nakatanggap ng anoman. Sa boarding house namin dito sa Krus na Ligas, relief goods kagaya ng mga de lata, bigas, noodles, kape, asukal, at hygiene kit ang kadalasang natatanggap. Hindi na masama, maliit man o malaking bagay ay marapat na ipagpasalamat. Kinailangan ko ulit umuwi ngayong Hulyo dahil sinamahan kong magpa-check-up si Daddy. Nagka-UTI siya noong Hunyo at lumabas sa ultrasound na kailangan na ring alisin ang bato sa bato niya. Noon pa dapat iyon binabalak kaso nga dahil sa lockdown ay hindi na nakapag-follow-up ulit. Kaya ngayon, bago pa maging delikado dahil medyo lumaki na rin ay mainam na raw ipatanggal na, ayon sa urologist. Dagdag pa ng doktor, nasa 200 libo raw ang maaaring abutin ng gagawing operasyon na kung tawagin ay Percutaneous Nephrolithotomy (PCNL). Posible pa naman daw mabawasan dahil sa health card at Philhealth niya. Kinailangan din ng clearance, at ang mandatory na RT-PCR swab test bago ang operasyon na walong libong ang halaga. Mas kinabahan pa yata ako sa paghihintay ng resulta kaysa kay Daddy. Salamat at negative naman siya sa virus. Sa Quezon City rin ginawa ang operasyon, sa kabutihang palad ay hindi tumatanggap ng mga pasyenteng may iba't ibang sakit doon, hindi tulad sa ibang mga ospital. Dalawa lang yata silang naka-confine noon. Tatlong gabi rin kaming namalagi sa ospital, isa lang ang puwedeng magbantay at ako nga ang naging alay. Bago ako payagang makasama at makapasok sa ospital ay kinailangan ko pa ring magpa-rapid test (ulit) at chest x-ray para matiyak na wala akong COVID. Mabuti na lang at

matagumpay naman ang naging operasyon, mabilis din ang naging recovery ni Daddy, sa awa ng Diyos.

Hulyo 25-26, 2020

Mula sa Abril na kinagisnan ko noong nagtapos ng kolehiyo at masterado, naging Hunyo na ang petsa ng pagtatapos sa UP simula nang magkaroon ng Academic Calendar Shift. Naalala ko pa noong 2019, ilang araw pa lang bago ang commencement ay abalang-abala na kami sa UFS dahil bahagi kami ng food committee. Nagkaroon pa nga ng tila rehearsal kung paano ang magiging set-up ng mga mesa sa bawat floor ng Quezon Hall. Dapat lang na maging pulido ang lahat lalo pa't espesyal ang okasyong ito. Sa kabuuan, naging matagumpay at masaya naman ang bagong karanasang iyon para sa akin. Napa-attend nga tuloy ako matapos ang limang taon kahit hindi naman ako magtatapos. Umasa rin akong mauulit iyon sa 2020 ngunit naiba ang takbo ng buhay ng lahat. Bunga na rin ng mga suspensiyon at pagbabago sa set-up ng mga klase dahil sa pandemya, ang pagtatapos na dating Hunyo ay naging Hulyo, at ang mas nakakapanibago, online ito.

Sa mga araw na ito, sa ospital ako nanood ng unang birtuwal na Recognition Rites ng aming kolehiyo gayundin ng University Commencement Exercises habang binabantayan si Daddy. Marami pa man ding mga kaibigang nagtapos ng kanilang Ph.D. ngunit hindi tulad noong mga nakaraan na taon-taon kong dinadaluhan dahil mas malamang na miyembro ako ng graduation committee. Walang face-to-face na araw ng pagkilala. Kung dati ay nakakamayan, nayayakap, o nakakabeso-beso ang mga kakilalang nagsipagtapos, isang malaking ekis ang ganito ngayong taon. Sa University Graduation naman kinabukasan, bagaman birtuwal at mas maiksi sa nakasanayan, naging banayad at malikhain pa rin ang lahat. Mahuhusay ang mga nangasiwa sa produksiyon at naisakatuparan ito sa kabila ng mga hamon sa buong semestre.

Agosto 17, 2020

Nasa tatlong dekada pa bago sumapit ang aking retirement age. Sa kabila ng sitwasyon sa ngayon, sa kabi-kabilang mga gawain naming mga guro, Zoom meeting, at webinar na kailangang daluhan. Hindi panahon para mag-retiro sa pagiging matiyaga, matatag, at malakas. Isa sa mga pinlano kong gawin para sa aking buhay-estudyante ay ang mag-proposal defense para sa aking disertasyon sa Ph.D. Filipino. Hindi biro ang manaliksik, gayundin ang magsulat, lalo pa sa ganitong panahon, limitado ang akses sa library. Madalas, mahirap magpokus sa pagsusulat dahil maraming nasasabay na gawain. Kung minsan naman, sadyang sumusumpong ang katamaran at mas gugustuhin ko na lang na magpahinga, uminom ng milk tea, at kumanta sa WeSing. Kumbaga, nakakawala ng momentum na mag-aral sa ganitong kalagayan. Iba pa rin yung pumapasok sa eskwelahan at doon mo gagawin ang mga bagay na may kinalaman sa pag-aaral, at hindi sa bahay. Sa kabila nito, matatauhan din naman at sisikaping makausad kahit paunti-unti. Sa paggawa ng proposal, parehong kailangang gawin ang pananaliksik at pagsusulat. May naiisip naman akong paksa pero siyempre, hindi ko alam ang magiging komento ng mga miyembro ng panel. Tungkol sana sa konsepto ng antonymy sa wikang Filipino ang una kong naisip na saliksikin. Gayunpaman, sinubukan ko na ring sumulat at bumuo ng papel para mai-present sa kanila. Dumating ang araw ng proposal, via Zoom. Nagbigay na ng mga komento ang panel, may mga paglilinaw tungkol sa aking paksang sasaliksikin. Minabuti kong rebisahin ang mga dapat tugunan, sa abot ng aking makakaya para sa kanilang pag-apruba. Masasabi kong napagtagumpayan naman sa huli dahil sinang-ayunan na ng panel ang paksa. Tungkol sa ugnayan ng mga pangatnig at aspekto ng pandiwa ang aking gagawing pananaliksik. May naitalaga na ring tagapayo para sa aking disertasyon. Kailangan lang naming pag-usapan ang magiging proseso sa mga susunod na semestre. Sa ngayon ay naka-leave pa si Maam at hahayaan ko munang maisulit niya ang pahinga bago ko siya abalahin para sa regular na konsultasyon.

Kung minsan, kahit dumarating yung puntong pinanghihinaan ako ng loob, tinatamad o nawawalan ng motibasyon, sinisikap ko pa ring makausad kahit paunti-unti. Hindi naman kailangang puwersahin ang sarili. Para sa akin, napakahalagang masaya tayo sa ginagawa natin. Hindi

masamang magpahinga muna kung napapagod na. Pagkatapos ng ginawang proposal defense, hindi ko muna masyadong dinibdib ang mga susunod na proseso dahil nagawa ko naman ang target sa ngayon. Ayaw ko ring ma-stress dahil dito at sa ngayon ay hindi pa naman ako madaling-madali sa pagtatapos. Isinulit ko rin muna ang nalalabing mga linggo para sa panibagong semestre. Nag-relax muna habang nasa boarding house, paminsan-minsang nag-a-add to cart sa Lazada, Shopee, o Zalora dahil epektibong pantanggal-stress sa akin ang pamimili. Syempre, patuloy pa rin sa pagkain ng masustansiya, at pagpapalakas ng katawan upang makaiwas sa mga sakit. Hindi biro ang maging estudyante sa panahon ng pandemya.

Setyembre, 2020

Bumalik na nga sa pagkaunat ng aking dating kulot na buhok dahil nakapagpagupit na rin ako nang isang beses sa gitna ng pandemya. Malaki ang iginang ulo ko. Hudyat na rin ito ng panibagong semestre. Sa pagkakataong ito, remote learning ang moda. Bunga muli ng sanga-sangang mga kaganapan, Setyembre ang napagkasunduang pagbubukas ng klase sa UP. Isang klase sa Filipino, sa gradwadong antas ang hawak ko ngayon. May sampung estudyante na halos lahat ay mga guro din sa hayskul o sa kolehiyo sa klaseng ito. Bagaman naging limitado ang panahon, nakabuo naman ako ng susunding gabay ng klase para sa buong semestre. May ilang synchronous meeting via Zoom, sa abot ng makakaya ng aming internet connection. Asynchronous naman ang malaking bahagi ng semestre. Muli, sa kabutihang palad, masisipag ang aking mga naging estudyante. Masigasig din ang bawat isang matuto kahit pa lahat kami ay nasa punto ng pag-aangkop sa bagong paraang ito.

Sa tuwing nagkukumustahan kami bago tumungo sa talakayan, iba't ibang karanasan din talaga ang naibabahagi ng bawat isa. Nariyan ang bulto ng mga gawain nila sa eskuwelahang pinagtuturuan tulad ng pamimigay at pagche-check ng mga modyul na sasagutan ng mga estudyante. Idagdag pa ang mahinang internet connection sa bahay, at maging kondisyong pangkalusugan. Isa sa kanila, si Kim, ay nagbahaging nahihirapan siya sa sitwasyon niya bilang guro sa isang pampublikong paaralan. Sabi niya, dahil

siya ang pinakabata at pinakamalapit ang tirahan sa eskuwelahan nila, palaging siya ang inuutusan ng mas nakatatanda sa kaniya. Siya rin kasi ang mas maalam sa mga usaping may kinalaman sa teknolohiya. Hindi naman niya sila masisisi pero hindi rin naman dapat abusuhin ang mga kasamahan sa trabaho dahil lahat naman sa atin ay abala sa iba't ibang mga tungkulin. May iba naman sa klase na sabay na nag-aaral at nagtatrabaho kaya kung minsan ay nahuhuli silang makapasok sa Zoom meeting. Nauunawaan ko naman ang mga ganitong sitwasyon at sa abot ng aking makakaya ay nagbibigay din ng konsiderasyon sa klase, katulad ng kaluwagan sa mga deadline kung mayroong ipapasa. Hindi rin nawala ang mga nagkasakit na estudyante o miyembro ng pamilya na talagang nakaapekto rin sa kanilang pag-aaral at mental health. Naalala ko rin ang pagkakataong nasa kalagitnaan kami ng talakayan at bigla na lamang nawalan ng koneksiyon ang aming wi-fi. Dapat din talagang maging handa sa mga ganoong klase ng pagkaabala sa klase lalo pa't hindi naman talaga ganoong kalakas ang signal ng internet dito sa bansa natin. Bawat isa ay may mga hamong kinakaharap sa trabaho at pag-aaral kung kaya't sinikap naming pagaanin din ang klase. Naitaguyod naman namin ito nang magkakatuwang. Kung hindi biro ang maging estudyante sa ganitong panahon, higit pa ang maging guro at estudyante nang magkasabay.

Oktubre 24-25, 2020

Nasa ilalim pa rin ng General Community Quarantine (GCQ) ang Metro Manila. Sa aming opisina, sinikap na pumasok ng mga kawani nang tatlong beses sa loob ng isang linggo. Ipinatutupad pa rin ang post-ECQ guidelines ng Unibersidad. Sinimulan na rin ang targeted testing para sa mga kawaning pumapasok kung kaya't kabilang dito ang UFS. Hinati kami sa tatlong grupo upang maisaayos ang iskedyul ng pagpapa-swab test. Sabi sa amin, pagkatapos ng 24 oras ay posible nang mailabas ang resulta pero habang naghihintay ay marapat na mag-quarantine muna sa bahay. Hindi naman ako natakot sa mismong swabbing, base kasi sa mga nakausap ko, hindi naman daw masakit. Medyo matiisin din naman ako sa pisikal na sakit. Kabilang ako sa ikalawang batch na ite-test. Alas-siyete ng umaga ang iskedyul at dumating naman ako sa oras. Inabutan ko rin doon ang ilang mga kasamahan sa opisina. Mabilis naman ang naging proseso. May

pipirmahan lang pagkatapos ay direktso pag-swab na. Tama nga, hindi naman masakit ang ilang segundong pagkalikot nang malaliman sa ilong pero pagkatapos ay may pakiramdam na medyo nakakaluha, pero wala akong naramdamang sakit.

Kinabukasan, inasahan kong darating nang maaga sa e-mail ang resulta. Tanghalian na ay wala pa akong natatanggap kaya naman lalong humaba ang oras na puno ng kaba. Bigla pang may mga tumatawag mula sa city hall at barangay para ikumpirma ang ginawang test at tanungin ang resulta. Nag-follow-up na rin ako noong hapon dahil naiinip na ako at mas lalong kinakabahan habang tumatagal. Paano kung biglang positive pala? Halos alas-7 na ng gabi nang may dumating na e-mail sa akin. Habang binubuksan ko ang resulta sa cellphone ay may panginginig din sa kamay ko. Sobrang kinabahan talaga ako. Nakahinga lang ako nang maluwag nang makita kong NOT detected ang virus sa akin. Salamat sa Diyos!

Nobyembre 2020

Buong buwan kaming namalagi sa Quezon City. Hindi pa ulit kami nakakauwi sa Bulacan at hindi rin pinayagang makapunta sa sementeryo ang mga tao noong Undas. Masuwerte't nakadaan ako noong huling uwi namin noong huling linggo ng Oktubre para mag-iwan ng bulaklak sa puntod ng mga namayapang mahal sa buhay. Sa totoo lang, kahit umuuwi kami ay hindi pa rin ako kampakanteng direktang makihalubilo sa mga nakatatanda. Minsan kasi, naiisip kong baka may dala akong virus kaya hangga't maaari ay naka-mask pa rin ako kahit nasa bahay at mas madalas na nasa kwarto lang. Kung noong bago magpandemya ay madalas kaming lumalabas, simula noong Marso ay mabibilang sa mga daliri kung ilang beses lamang lumabas para mag-grocery o dahil sa sobrang esensiyal na dahilan. Hindi kasi natin masasabi, minsan kahit anong ingat ang gawin, nalulusutan pa rin ng kalabang hindi natin nakikita. Isang beses kaming nakapunta sa mall noong Nobyembre. Nakakapanibago dahil kakaunti ang tao at marami ring tindahan ang nagsarado na pala. Kung walang pandemya, tiyak na hindi na magkamayaw ang iba sa pamimili para sa Kapaskuhan. Dumaan din kami sa Padre Pio Church sa Libis. Sarado ang mismong simbahan ngunit bukas naman ang ilang lugar kung saan maaaring magdasal at magtulog ng kandila.

Matapos ang siyam na buwan, noon lang ulit ako nakapasok sa simbahan. May ilan ding dumarating para magdasal pero malayong-malayo kompara noong normal pa ang lahat.

Kasabay ng hindi pa rin humuhupang kaso ng mga nagpopositibo sa COVID-19, may pahabol ding mga bagyo ang Nobyembre, sina Bagyong Rolly at Ulysses. Unang beses yata akong nakaramdam ng takot dahil sa lakas ng hangin na dinig pa rin kahit kulob na ang puwesto ng aming kuwarto sa boarding house. Matindi ang hagupit ni Ulysses. Kasabay ng paghambalos ng malakas na hangin at ulan ang pagkawala ng kuryente sa buong barangay. Halos kalahating araw din ang itinagal. Mabuti na lamang at may charge pa ang aking cellphone kahit kaunti. Sapat lang para makapagpadala ng mensahe sa mga kapamilya at makumusta ang lagay nila sa Bulacan. Manakana ring nagbubukas ng Facebook upang makabalita ngunit lalong nakabibigat sa pakiramdam na marami nang lugar ang lubog sa baha. Kabikabila rin ang panawagan para sa mga rescue at iba pang tulong na kinakailangan ng marami nating kababayan. Hindi man bumaha sa amin sa Bulacan, anim na araw naman silang nawalan ng kuryente doon dahil sa mga nasirang poste. Unang beses din itong naranasan sa lugar namin, sa tagal ng panahon. Nakakapag-charge lang daw sila sa sasakyan o kaya ay sa maliit na generator na ginagamit sa karo ng poon kung may prusisyon tuwing Mahal na Araw. Suspendido rin ang pasok sa mga opisina. Nakalulungkot isiping napakaraming nasalanta ng mga bagyong ito. Tunay na biyaya ang manatiling malusog at buhay sa kabila ng mga unos.

Disyembre 2020

Sa dami ng nangyari noong 2020, tila maraming naghangad na matapos na ito at huwag nang maulit ang hindi magagandang hatid ng taon. Noong Disyembre, matapos ang huling araw ng trabaho sa opisina at ng ilan pang mga kailangang asikasuhin sa Maynila, nakauwi na kami ulit sa aming bayan, sa Bustos, Bulacan. Ipinagdiwang pa rin ang Pasko kasama ang pamilya at mga kamag-anak na matagal-tagal ding hindi nakita at nakakuwentuhan. Mas payak nga lang ang selebrasyon kung ikokompara sa mga nakalipas na taon. Wala munang mga palaro, tugtugan, at kantahan pero may bigayan ng regalo pa rin naman. May mga hindi rin nakauwing

kamag-anak dahil sa tawag ng tungkulin at ilang restriksiyon sa pagbiyahe. Nakadalaw ding muli sa aking pangalawang pamilya sa Calumpit matapos ang kulang isang taon. Sa mga araw na nasa bahay, isinulit ko talaga ang bakasyon. Panahon ito para magpahinga at huminga, magnilay at magmuni-muni. Isinulit ko ang bawat araw na walang kailangang gawin sa opisina dahil makapaghihintay naman ito. Sa kabuuan, maligaya pa rin ang Disyembre. Nakabawi ng lakas na babaunin sa pagsalubong sa isang panibagong taon, isang panibagong simula para sa lahat.

Sa kabila ng mga nangyari, mas dumami rin ang panahon at dahilan natin upang lalong magpasalamat at higit pang magpapahalaga sa kung ano ang mayroon tayo. Nabalot man ng dilim ang kalakhan ng 2020, nasilayan pa rin natin ang mga sinag sa bawat buwan ng taon. Nagbigay ang mga ito ng pag-asa, saysay, at liwanag upang patuloy na magsikhay sa kabila ng lahat ng ating dinaranas. Binigo man tayo ng ilang mga taong inaasahan nating maging karamay sa pakikipagtunggali sa virus, narito pa rin tayo at patuloy na nagpapakatatag, nagpapasensiya, at nagsusumikap. Binago tayo ng 2020 sa iba't ibang aspekto at paraan. Yung mga dati nating nakagawian, posibleng hindi na natin nagagawa sa kasalukuyan. Marahil may mga nabago ring pananaw at paniniwala ng bawat isa. May hatid din itong mga bagong kaalaman at leksiyon para sa lahat, maliban pa sa pagpapahalaga sa buhay, at pag-agapay sa kapuwang nangangailangan ng kalinga at gabay.